Republic of the Philippines
**CITY OF SANTA ROSA**
Province of Laguna

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-PITONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA-18 NG PEBRERO, 2008 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

1. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad, Namuno
2. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA - Kagawad
3. Kgg. MA. THERESA C. AALA - Kagawad
4. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ - Kagawad
5. Kgg. JOSE C. CARTAÑO - Kagawad
6. Kgg. ANTONIA T. LASERNA - Kagawad
7. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
8. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad
9. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
10. Kgg. WILFREDO A. CASTRO - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
11. Kgg. ABIEL DOMMINIC D. ALIPON - Kagawad, Pangulo ng Panlungsod na Pederasyon ng Sang. Kabataaan

Di-Dumalo:

1. Kgg. MANUEL G. ALIPON - Pang. Punong-lungsod
2. Kgg. RAYMOND RYAN F. CARVAJAL - Kagawad

***************

# KAPASIYAHAN BLG. 36-2008

(Sa mungkahi ni Kgg. Cendana na pinangalawahan ni Kgg. Gomez)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PUNONG-LUNGSOD ARLENE ARCILLAS-NAZARENO NA ATASAN ANG CITY HEALTH OFFICE AT CSWD UPANG PANGASIWAAN AT IPATUPAD ANG PAGBIBIGAY NG MGA KINAKAILANGANG MEDISINA AT GAMOT NG ATING MGA NAKATATANDANG MAMAMAYAN SA KANI-KANILANG MGA BARANGAY KATULONG ANG MGA OPISYALES NG BARANGAY AT SENIOR CITIZENS.

SAPAGKA'T, sa ganitong paraan ay mas mapapabilis ang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan;

SAPAGKA'T, hindi na sila mangangailangan pang gumastos sa pamasahe upang pumunta sa mga City Health Office;

Received by: 3/5/8

Republic of the Philippines
**CITY OF SANTA ROSA**
Province of Laguna

## OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD



SAPAGKA'T, mas mabibigyan sila ng tama at sapat na panahon na nauukol para sa kanila;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling kay Punong-lungsod Arlene Arcillas-Nazareno na atasan ang City Health Office at CSWD upang pangasiwaan at ipatupad ang pagbibigay ng mga kinakailangang gamot at medisina ng ating mga nakatatandang mamamayan sa kani-kanilang mga barangay katulong ang mga opisyales ng barangay at senior citizens.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-7 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod noong Ika-18 ng Pebrero, 2008.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Kalihim Panlungsod

PINATOTOHANAN:

**LUISITO B. ALGABRE**
Kagawad, Namuno

PINAGTIBAY:

**ARLENE ARCILLAS-NAZARENO**
Punong-lungsod